Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City
www.dilg.gov.ph

BIYAHENG PINOY
TAPAT NA PALAKAD, BAYANG MAUNLAD

Pebrero 16, 2016

MEMORANDUM SIRKULAR
BLG. 2016-19

PARA SA : PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PUNONG BAYAN, PUNONG PANREHIYON NG ARMM, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : PAMBANSANG KONGRESO SA INTELEKTUWALISASYON NG WIKANG PILIPINO

---

Kaugnay ng taunang pagdiriwang ng *Buwan ng Wikang Pambansa* alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ay ang pagdaraos ng *Pambansang Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino* sa Agosto 3-5, 2016 sa Teachers Camp, Lungsod Baguio, na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Pilipino, sa pakikipagtulungan ng Lungsod Baguio.

Pangunahing layunin ng kongreso na mailahad at matalakay ang pag-unlad at kasalukuyang sitwasyon ng wikang pambanssa, at makabuo ng kongkretong solusyon at plano para sa wikang Filipino. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:

- maitatag ang kahalagahan ng pagplanong wika sa iba't ibang larang,
- mapalawak ang paggamit ngwikang Pilipino sa mga laranga na binaggit sa unahan at sa gayon ay mapalakas ang wika,
- mataya ang pag-unlad ng Filipino sa mga tinukoy na larang,
- makabuo ng glosaryo ng mga katawagang teknikal ang mga kagamitang panturo sa teknikal na pagsasalin hango sa mga karanasan ng mga tagapanayam, at
- makapagpamalas ng mataas na modelo ng pagsasagawa/paghahanda ng kagamitang panturo.

May kaukulang butaw na *dalawang libo at limandaang piso* (PhP 2,500.00) para sa rehistrasyon kasama ang seminar kit, sertipiko at pagkain (3 tanghalian at 6 na meryenda). Hindi kasama rito ang akomodasyon.

Para sa iba pang detalye, maaaring makipag-ugnayan kay Sandor B. Abad sa 0908-6978491 o 736-2525 loc. 107 o mag-email sa sandorabad@gmail.com.

Kaugnay nito, ang mga Direktor Panrehiyon ng DILG at Punong Rehiyon ng ARMM ay inaatasan rin ang dagliang pagpapalaganap ng siping ito sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa kaalaman ng lahat.

MEL SENEN S. SARMIENTO
Kalihim

DILG-OSEC OUTGOING 09292015-1590

It's more fun in the Philippines